# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 24, 2022, LUNES, IKA-9:36 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |

DI-DUMALO: May karamdaman

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 022522 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: FEB 2022 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 153-T2022**

**KAPASIYAHANG NAGPAPAABOT NG TAOS PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG DATING PUNONG BARANGAY KGG. HILARIO JACOB ANDALLO NG BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL, BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, si Kgg. Hilario Jacob Andallo ay ipinanganak noong Disyembre 30, 1960 sa Barangay Santo Angel Central at binawian ng buhay noong Enero 8, 2022 sa edad na 62 taong gulang;

**SAPAGKAT,** siya ay naging Hepe ng Barangay Tanod noong taong 2003 – 2007; nahalal bilang Barangay Kagawad noong 2007-2010; naging Punong Barangay noong taong 2010 hanggang taong 2013 at naging isang wagas, tapat at dalisay na Pinuno sa pamamalakad at panunungkulan sa Pamahalaang Barangay upang maiayos ang antas ng pamumuhay;

**SAPAGKAT**, ang pagpanaw ng KGG. HILARIO JACOB ANDALLO ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya at mga kaibigan kundi na rin sa buong mamamayan ng Barangay Santo Angel Central;

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg Ambiel John C. Panganiban, na pinangalawahan nina Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Mark Anthony P. Joven, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Efren L. Diaz at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Magpaabot ng taos-pusong Pakikiramay at Pakikidalamhati sa mga naulila ng yumaong Dating Punong Barangay KGG. HILARIO JACOB ANDALLO ng Barangay Santo Angel Central, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan at pamilya ng yumaong Kgg. Hilario Jacob Andallo, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Enero 24, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Maria Teresa R. Labog

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo